1

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Lingguhang Aralin sa GMRC

Kuwarter 1

Linggo 2

MATATAG

BAGONG PILIPINAS

ONE NCR STRONGER TOGETHER

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa GMRC 1**
**Kuwarter 1: Linggo 2**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Eduaksyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | ANALINE C. VERGARA |
| **Tagasuri:** | NIMFA A. HERNAEZ / PRECIOSA N. CABINBIN |
| **Tagaguhit** | |
| **Tagalapat:** | ALDRIN B. MARCELO |

**JOCELYN DR ANDAYA,** *CESO IV*, Director IV
**CRISTITO A. ECO,** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC-Chief Education Program Supervisor, CLMD
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**ROLAND MONTES**, GMRC Regional Education Program Supervisor
**NORMINA B. HADJI YUNNOS**, LR Education Program Supervisor

| **MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin** | **Paaralan:** | | **Baitang:** | **1** |
|---|---|---|---|---|
| | **Pangalan ng Guro:** | | **Asignatura:** | **GMRC** |
| | **Petsa at Oras ng Pagtuturo:** | | **Kuwarter:** | **1** |

| **IKALAWANG LINGGO** | **UNANG ARAW** | **IKALAWANG ARAW** | **IKATLONG ARAW** | **IKAAPAT NA ARAW** |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| A. *Pamantayang Pangnilalaman* | Natutuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagkakaroon ng kaibigan. | | | |
| B. *Pamantayan sa Pagganap* | Naisasagawa ng mga mag-aaral ang pagbabahagi ng wastong paraan Nng pagkakaroon ng kaibigan upang malinang ang pagiging totoo. | | | |
| C. *Lilinanging Pagpapahalaga* | Pagiging Totoo *(Sincerity)* | | | |
| D. *Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipakikita ang pagiging totoo sa pamamagitan ng mabuting pakikipag-ugnayan sa kapuwa<br>a. Naiisa-isa ang mga wastong paraan sa pakikipagkaibigan<br>b. Naiuugnay na ang pagkakaroon ng kaibigan sa pagbuo ng ugnayan sa kapuwa na tanggap ang pagkakapareho at pagkakaiba ng mga tao<br>c. Nakapagbabahagi ng mga wastong paraan ng pakikipagkaibigan ( hal. Paggamit ng magagalang na pananalita, pag-unawa sa pagkakaiba-iba, wastong pagtawag sa pangalan) | | | |
| E. *Mga Layunin* | a. Naiisa-isa ang mga wastong paraan sa pakikipagkaibigan | b. Naisasakilos ang mga paraan ng kaaya-ayang pakikisalamuha sa mga kaklase at guro sa araw-araw | c. Nakikilala ang pagkakapareho at pagkakaiba ng mga kilos na nagpapakita ng pagiging mabuting kaibigan | d. Nakikilala ang hilig at interes ng mga kaklase at nagpapalitan ng mga damdamin at karanasan tungkol dito |
| F. *Disenyong Instruksyunal* | *Context*<br>*Explore* | *Collaborative*<br>*Context* | *Collaboration*<br>*Creativity* | *Emphatize*<br>*Ideational* |
| G. *21st Century Skills* | *Interpersonal Skills* | *Interpersonal Skills* | *Interpersonal Skills* | *Interpersonal and Intrapersonal Skills* |
| H. *Integrasyon* | *SEL (Self-Awareness, Self-Management, Social Awareness) Reading and Literacy* | | | |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | **Pagkakaroon ng Sariling Kaibigan** | | | |
| A. *Mga Sanggunian* | Kaibigan Kaibigan \| Flexy Bear Originals Nursery Rhymes & Songs \| Awiting | Mga larawan mula sa Canva | https://www.pngegg.com/en/png-nrrgq/download | https://www.pngegg.com/en/p ng-bpxgd/download |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Pambata - YouTube | www.canva.com | | |
| *B. Iba pang Kagamitan* | plaskard, kopya ng mag-aaral sa individwal na gawain | larawan, kopya ng mag-aaral sa individwal na gawain | Cut-off ng mga letra, mga larawan | larawan ng mga talento kakayahan |
| **III. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | Balik-aral:<br><br>Noong isang linggo ay napag-aralan natin ang tungkol sa mga batayang impormayon at mga hilig at talento.<br><br>Tanong:<br><br>Ano-ano ang mga batayan impormasyon tungkol sa inyong sarili?<br><br>Ano-ano ang inyong mga kakayahan, hilig o talento?<br><br>*Gagamitin ang mga sagot kung saan ang mga bata ay papangkatin ayon sa kanilang katangian, hilig at interes. Ihahanda ng guro sa plaskcard ang mga batayang pagpapangkat;*<br>Pagguhit<br>Pagsayaw<br>Pag-awit<br>Pagkwenta<br>Pag-arte | Balik-aral:<br><br>*Itatanong ng guro sa mga mag-aaral:*<br><br>1. Ano-ano ang mga paraan ng mabuting pakikipagkaibigan ang nabuo sa ating nakaraang aralin?<br><br>Pagganyak:<br>Ipaawit muli kasabay ng tugtog ang awit na " Kaibigan"<br><br>1. Kailangan ba natin ang pagkakaroon ng kaibigan? Bakit? | Balik-aral:<br><br>*Ipakikita ng guro ang larawan sa mga bata at magkakaroon ng maikling talakayan tungkol sa larawan.*<br><br>(Ang larawan ay mula sa freepik)<br><br><br><br>https://www.pngegg.com/en/png-nrrgq/download<br><br>1. Ano ang gagawin mo sa ganitong sitwasyon? Tulad ng nasa larawan? | Balik-aral:<br><br>*Sasabihin ng guro sa mga mag-aaral:*<br><br>1. Ano ang inyong naramdaman habang nagpapakita ng talento ang inyong kaklase?<br><br>2. Lahat ba tayo ay may parehas na hilig/talento sa kanila?<br>3. Ano ang maaari mong gawin upang maging katulad ng mga batang maraming talento?<br><br>**Pagganyak:**<br><br>Tumawag ng 1-2 bata na magpapakita ng kaniyang talento sa harap ng klase. *(maaaring awit o sayaw)* |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **Pagganyak:**<br><br>Sumabay sa awit tungkol sa Kaibigan.<br><br>Kaibigan Kaibigan \| Flexy Bear Originals Nursery Rhymes & Songs \| Awiting Pambata - YouTube<br><br>*(Nangangailangan ng gabay ng guro sa pag-awit upang madama ang awit na kaibigan)*<br><br>Tanong:<br>1. Tungkol saan ang awit?<br>2. Ano ang sinasabi sa awit tungkol sa kaibigan? | | | |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin*<br>*ng Aralin* | *Sabihin sa mga mag-aaral:*<br><br>"Ngayong araw ay matututuhan natin ang ng kaaya-ayang paraan ng wastong pakikipagkaibigan sa mga kaklase at guro." | *Sasabihin ng guro ang layunin ng aralin:*<br><br>"Ngayong araw ay isasakilos natin ang mga paraan ng kaaya-ayang pakikipagkaibigan sa kaklase at guro." | *Sasabihin ng guro ang layunin ng aralin:*<br><br>"Ngayong araw ay makikilala natin ang pagkakapareho at pagkakaiba ng mga kilos na nagpapakita ng pagiging mabuting kaibigan." | *Sasabihin ng guro ang layunin ng aralin:*<br><br>"Ngayong araw ay makikilala natin ang hilig at interes ng mga kaklase at magpapalitan ng mga damdamin at karanasan tungkol dito." |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga SusingSalita/ Parirala o Mahahalagang Konsepto*<br>*sa Aralin* | *1. Ipakikilala ng guro ang mga sumusunod na salita:*<br>-guro<br>-kaibigan<br>-pakikisalamuha<br><br>*2. Ipaliliwanag ng guro ang kahulugan ng bawat salita at gagamitin sa pangungusap.* | *Ipakikita at babasahin ng guro kasunod ng mga bata ang mga paraan ng kaaya-ayang pakikisalamuha.*<br><br>*(Maaaring idagdag dito ang iba pang mungkahi ng mga bata)* | 1. *Ipakikilala ng guro ang mga sumusunod na salita:*<br><br>- damdamin<br><br>- karanasan<br><br>2. *Ipaliliwanag ng guro ang kahulugan ng salita:* | Babasahin ng guro nang dalawang (2) beses ang salita na nagsasabi ng damdamin at uuliting bigkasin ng mga mag-aaral.<br><br>- masaya<br>- malungkot |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **Guro-** ang nagtuturo sa mga bata na sumulat, bumasa at magbilang sa paaralan.<br><br>Halimbawa:<br>Ang aking guro ay si<br>Gng. Analine Vergara<br><br>**Kaibigan-**madalas na kasama at kalaro.<br>Halimbawa:<br>May bago akong kaibigan sa klase.<br><br>**Pakikisali** -pakikilahok<br><br>Halimbawa:<br>Makisali sa mga kaklase at guro. | Mga Paraan ng kaaya-ayang pakikipagkaibigan:<br><br>• Maging magalang sa mga kaklase at guro. Tulungan ang kaklase sa mga bagay na nahihirapan siyang gawin.<br>• Iwasang makipag-away sa kaklase.<br>• Sawayin ang mga kaklase na gumagawa ng hindi mabuti sa klase.<br>• Makinig ng mabuti sa guro.<br>• Magtulong-tulong sa pagpapanatiling malinis at maayos ng silid-aralan. | *(maaaring magbigay ng ibang kahulugan ayon sa gamit ng salita)*<br><br>**Damdamin**- emosyon o nararamdaman sa isang sitwasyon.<br><br>Halimbawa ng damdamin: saya, lungkot, galit, pagsisisi at iba pa.<br><br>**Karanasan**- pangyayari na ikaw mismo ang nakaranas sa sitwasyon.<br><br>Halimbawa: Naranasan kong mamasyal sa parke? | - natatakot<br>- nagulat<br>- galit<br><br>Itatanong ng guro sa mga bata kung kailan sila nagiging:<br><br>masaya?<br>malungkot?<br>natatakot?<br>nagagalit?<br>nagugulat? |
| ***Habang Itinuturo ang Aralin*** | | | | |
| *Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | *Itatanong ng guro sa mga bata:*<br><br>1. Sino-sino ang iyong naging kaibigan sa mga kaklase mo?<br><br>2. Paano mo ipinapakita ang pagiging isang mabuting kaibigan? | *Sasabihin ng guro sa mga bata:*<br>"Tingnan ang larawan at suriin kung ito ay kaaya-aya o hindi". | Magpakita ng larawan na nagpapakita ng iba't ibang talento/hilig. *(Ang larawan ay mula sa freepik)* | Magpapakita ang guro ng mga larawan ng mga hilig o interes ng mga bata.<br><br>*Ipakikita ng guro ang larawan isa-isa at sasabihin.*<br>Tingnan ang larawan at suriin.<br>Tumayo kung kaya mong gawin ang nasa |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | <br><br><br><br>(Ref: www.canva.com)<br>Tanong:<br>1. Ano ang nakikita/ginagawa sa larawan? | <br>https://www.pngegg.com/en/png-bysyu/download<br><br>Itatanong ng guro sa mga bata:<br>1.Ano-ano ang ginagawa sa larawan?<br><br>2.Naranasan mo rin bang gawin ito?<br><br>3. Ano ang iyong naramdaman habang ginagawa ang mga hilig mong gawin? | larawan at i-ekis ang kamay kung hindi.<br><br>https://www.pngegg.com/en/p ng-bpxgd/download<br><br>Itatanong ng guro sa mga bata:<br><br>1. Ano ang nararamdaman mo kung sa iyong palagay ay hindi mo kayang gawin ang nagagawa ng iba?<br><br>2. Ano ang maaari mong gawin upang makayanan mo ang gawaing nahihirapan ka? |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | 2. Ito ba ay kaaya-ayang gawain? Bakit?<br><br>(Tala sa Guro):<br>*Magbigay ng ibang sitwasyon sa loob ng klase. Itanong kung ito ay nakakasunod sa mga paraan ng mabuting pakikipagkaibigan.* | | |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | *Itatanong ng guro sa mga bata:*<br>Sa paanong paraan tayo dapat makisalamuha sa mga kaibigan, kaklase at guro?<br>***(Tala sa guro**:)*<br>*Isulat sa pisara ang lahat ng isasagot ng bata)*<br>*Sasabihin ng guro sa mga bata ang ilan pang mga paraan sa pagkakaroon ng mabuting pakikipagkaibigan.*<br>*(Ilalagay ng guro sa tsart o sa powerpoint presentation ang mga paraan)*<br>• Maging magalang sa kaklase at guro.<br>• Tulungan ang kaklase sa mga bagay na nahihirapan siyang gawin.<br>• Iwasang makipag-away sa kaklase. | *Sasabihin ng guro ang kaaya-ayang gawain ng bata sa larawan.*<br>"Ang pagbabahagi ng pagkain sa kaklase ay isa ding paraan ng pagpapakita ng kaaya-ayang pakikipagkaibigan dahil natutulungan niya ang kaklase na walang baon. "<br>*Itatanong ng guro sa mga bata ang iba pang napansin nila sa larawan.*<br>Anong damdamin ang ipinakita ng mga batang nagbigay ng pagkain at sa batang binigyan ng pagkain? | *Magpapakita ang guro ng larawan ng batang nagpapakita ng kaniyang talento/interes*<br><br>https://www.pngegg.com/en/png-zjcfw/download<br>Itatanong ng guro sa mga bata ang sumusunod:<br>1. Ano-anong talento/interes mayroon ang mga bata sa larawan?<br>2. Sino ang may talento na kagaya sa kanila? | *Sasabihin ng guro sa mga bata na pumili ng kapareha.*<br>1. Pag-usapan ang mga hilig gawin o interes ng bawat isa.<br>2. Tukuyin kung ano ang pagkakapareho ng hilig/interes at pagkakaiba.<br>Magtatanong kung sinong magkapares ang magkukuwento sa klase ng kanilang naging usapan. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | • Sawayin ang mga kaklase na gumagawa ng hindi mabuti sa klase.<br><br>• Sawayin ang mga kaklase na gumagawa ng hindi mabuti sa klase.<br><br>• Makinig ng mabuti sa guro.<br><br>• Magtulong-tulong sa pagpapanatiling malinis at maayos ng silid-aralan. | | 3. Ano ang naramdaman mo habang ginagawa mo o ipinapakita mo sa iba ang iyong talento o hilig?<br><br>*(Magkaroon ng malayang talakayan tungkol sa mga karanasan/damdamin ng mga bata sa bawat sitwasyon)* | |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman*<br>*at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Talakayin:<br><br>"Ang pagkakaroon ng paraan ay mahalaga sa pagkakaroon ng mabuting pakikipagkaibiban. Ito ang magsisilbing gabay sa pagkakaroon ng mabuti at kaaya-ayang pakikisalamuha."<br><br>*Itatanong ng guro sa mga bata ang sumusunod:*<br><br>1. Ano ang maaaring mangyari kapag hindi natin sinunod o ginawa ang mga paraan sa mabuting pakikipagkaibigan?<br><br>*Sabihin:*<br><br>"Ang mga gawaing pakikipagkaibigan ay dapat sundin upang magkaroon ng | Talakayin:<br><br>Sabihin:<br><br>"May mga pagkakataon na hindi nasusunod ang mga itinakda sa silid-aralan. Maaari nating sawayin o pagsabihan ang kaklase natin na hindi nakasunod upang magkaroon ng maayos na samahan ang mga bata at guro."<br><br>*Itatanong ng guro sa mga bata:*<br><br>"Kung isa ka sa mga batang nasa larawan, Gagawin mo rin ba ang kanilang ginagawa? Bakit?" | Talakayin:<br><br>Sasabihin ng guro sa mga bata.<br>"May mga nararanasan ang ibang bata na hindi natin nararanasan. May mga pagkakataon na nakakaramdam tayo ng inggit sa ating kapwa dahil sa mga bagay na mayroon sila na wala tayo.<br><br>Pagbutihin ang pag-eensayo sa mga hindi gaanong kayang gawin at mas lalong linangin ang mga talentong mayroon tayo."<br><br>*Itatanong ng guro sa mga bata:* | Sasabihin ng guro sa mga bata:<br><br>Ang bawat bata ay natatangi. May kani-kaniyang angking talento, interes at hilig. May mga bagay na hindi natin kayang gawin ngunit maaari natin itong mapaunlad sa pamamagitan ng pag-eensayo/pagsasanay.<br><br>*Itatanong ng guro sa mga bata:*<br><br>1. Ano-anong mga interes o hilig ang karaniwang naisasagawa ng mga batang katulad ninyo? |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | maayos na pagsasamahan ang mga bata at guro sa silid-aralan at sa paaralan.” | | 1. Ano ang iyong gagawin kung hindi mo kayang gawin ang isang bagay? | 2. Mayroon ba kayong pagkakatulad ng interes ng iyong kaklase?<br><br>3. Masaya ba kayo na nakapagbahagi kayo ng inyong hilig o interes sa inyong mga kaklase? |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | *Itatanong ng guro sa mga bata:*<br><br>Sino ang nagpapakita ng kaaya-ayang gawain sa isang kaibigan?. Ilarawan.<br><br>Matatawag ba itong totoong kaibigan?<br><br>*Patatayuin ng guro ang mga bata at ipagawa ang sumusunod.*<br><br>*Sasabihin ng guro ang panuto sa gawain.*<br><br>Panuto: Makinig nang mabuti at unawain ang pahayag babasahin ng guro.<br><br>Pumalakpak ng 3 beses kung nagsasabi ng mabuting pakikipagkaibigan ang pahayag at pumadyak ng 1 beses kung hindi.<br><br>1. Tumulong sa mga kaklase na naglilinis ng silid-aralan. | Magkaroon ng *Role Playing* tungkol sa sumusunod na sitwasyon.<br><br>*(Pangkatin ang klase sa 4)*<br><br>Pangkat 1: Oras ng recess at nakita mo ang iyong kaklase na walang kasabay sa pagkain. Ano ang gagawin ninyo?<br><br>Pangkat 2: Tapos na ang inyong klase at nakita mong kumuha ng walis ang isa mo pang kaklase. Ano ang gagawin ninyo?<br><br>Pangkat 3: Uwian na at nakita mo ang kaklase na parehas mong wala pang sundo. Ano ang gagawin ninyo?<br><br>Pangkat 4: Nagbigay ng proyekto ang guro tungkol sa inyong aralin. | *Itatanong ng guro sa mga bata:*<br><br>1. Ano ang dapat maramdaman ng mga bata kapag mayroong nagpapakita ng kaniyang talento o kakayahan?<br><br>2. Lahat ba ng bata pare-parehas ang nararanasan?<br><br>Sabihin ang damdamin sa bawat sitwasyon.<br><br>1. Hindi nakapagpakita ng talento si Rina dahil siya ay nagkasakit.<br>Nanalo sa paligsahan ng pagtula ang iyong kaklase.<br><br>3. Hilig ni Lito ang tumugtog ng gitara ngunit | Papangkatin ang klase ayon sa kanilang interes.<br><br>A. Pangkat Mang-aawit<br>B. Pangkat Mananayaw<br>C. Pangkat ng Pintor<br>D. Pangkat ng Makata<br><br>*Role Play:*<br><br>*Sasabihin ng guro sa mga bata.*<br><br>Kapag sinabi kong :<br><br>Pangkat 1, lahat ay aarteng aawit.<br><br>Pangkat 2, lahat ay aarteng sumasayaw.<br><br>Pangkat 3, lahat ay aarteng gumguguhit.<br><br>Pangkat 4, lahat ay aarteng tumutula. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 2. Nakikibahagi sa gawain sa silid-aralan. 3. Hindi kinakausap ang katabi sa upuan.<br><br>3. Hindi kinakausap ang katabi sa upuan.<br><br>4. Nagagalit sa kaklase kapag hindi pinahiram ng lapis.<br><br>5. Nagpapaalam sa kaklase kung hihiram ng gamit. | Nikita mo na kulang sa gamit ang katabi moa no ang gagawin ninyo? | hindi niya kayang bumili ng instrumento. | Tatawagin ang bawat pangkat na nagsanay at ipakikita ang kani-kanilang mga nabuong presentasyon. |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Sasabihin ng guro sa mag-aaral:<br><br>Iguhit ang emoji ng masayang mukha kung ikaw ☺ nakibahagi sa pagsasagawa ng mabuting pakikisalamuha at malungkot na mukha ☹ kung hindi.<br><br>____1. Sinunod ko nang buong giliw ang mga pamantayan.<br><br>____2. Sumasagot ako ng po at opo kapag nakikipag-usap.<br><br>____3. Hindi ako nakikipag-away sa aking kaklase.<br><br>____4. Tumutulong ako sa pagliligpit ng kalat. | Iguhit sa patlang ang hugis puso ♡ kung Tama ang mga sumusunod na pangungusap at hugis krus ✚ kung ito ay Mali.<br><br>____ 1. Binabati ko ang aking kaklase at guro sa tuwing sila ay makikita ko.<br><br>____ 2. Hindi ako nakipag-away sa kaklase.<br><br>____ 3. Makipag-usap ako nang mahinahon sa kaklase tuwing may hindi pinagkakasunduan.<br><br>___ 4. Pinipili lamang ni Fely ang kinakausap na kaklase. | Iguhit ang bituin dalawang (2) beses ☆☆ kung ang hilig gawin sa pangungusap ay nakakaramdam ng saya at at isang (1) bituin ☆ kung hindi.<br><br>1. Mahilig manood ng telebisyon si Heli kaya hindi natatapos ang takdang aralin<br><br>2. Mahusay magbasa ng aklat si Roda kaya nakakasagot sa mga tanong ng guro sa klase.<br><br>3. Magaling gumuhit si Nena kaya sumali siya sa paligsahan. | **Panuto:** Lagyan ng tsek (**/**) ang patlang kung ang hilig at interes sa pangungusap ay naisasagawa ng wasto at ekis (**X**) naman kung hindi.<br><br>_____ 1. Mahilig gumuhit si Perla at ginagawa niya ito habang nagkaklase.<br><br>_____ 2. Mahilig kumanta si Lito kaya siya ang madalas sumali sa paligsahan.<br><br>_____ 3. Magaling sumayaw si Zeny ngunit ayaw niyang sumali sa mga programa sa paaralan. |




Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ____5. Nagpapahiram ako ng lapis sa kaklase na walang lapis. | ___ 5. Pinapahiram ni Danie ang kaniyang lapis sa kaklase na walang lapis. | 4. Mahusay umawit si Nilo ngunit nahihiya siyang ipakita ito sa ibang tao.<br>5. Mahusay tumugtog ng piano si Ely kaya siya ang isinali sa paligsahan. | _____ 4. Mahusay sa pagpinta si Jiro kaya tinuturuan niya ang ibang kaklase pagkatapos ng kanilang klase.<br>_____ 5. Mahilig tumula si Nina kaya buong pagmamalaki niyang ipinaparinig ito sa kaniyang mga kaklase at guro. |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | Itanong:<br>Alin sa mga pamantayan ang madalas mong ginagawa o sinusunod? | *Gawin sa sagutang Worksheet:*<br>Isulat sa lob ng bilog ang iyong pangalan. Basahin ang mga paraan ng mabuting pakikipagkaibigan sa bawat petal. Kulayan ng <u>Berde</u> kung ito ay gingawa mo at kulay <u>Pula</u> naman kung hindi mo ginagawa. | *Maaaring tumawag ng 1-2 bata na magpapakita ng kanilang talento sa harap ng klase.* | Magpakabisado ng maikling tula sa mga bata. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | |  | | |
| *Mga Tala* | (Itatala ng guro ang naging resulta ng pagtataya at kung ano ang mga karagdagang gawain kaugnay ng resulta ng aralin) | (Itatala ng guro ang naging resulta ng pagtataya at kung ano ang mga karagdagang gawain kaugnay ng resulta ng aralin) | (Itatala ng guro ang naging resulta ng pagtataya at kung ano ang mga karagdagang gawain kaugnay ng resulta ng aralin) | (Itatala ng guro ang naging resulta ng pagtataya at kung ano ang mga karagdagang gawain kaugnay ng resulta ng aralin) |
| *Repleksiyon* | | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph